REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

Direct Line: 687-2922 / 687-4177
E-Mail: osec@deped.gov.ph.
Website: http://www.deped.gov.ph

JUN 18 2003

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 186 s. 2003

## PAMBANSANG TAGISAN NG TALINO SA MAUNAWANG PAGBASA, MALIKHAING PAGSULAT, AT SA WIKA AT PANITIKANG FILIPINO SA LEVEL SEKONDARI

Sa mga: Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Tagapamahala ng mga Paaralang Sekondari

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon, sa pamamagitan ng Kawanihan ng Edukasyong Sekondari at sa pangangasiwa ng Sangay ng Edukasyong Sekondari, DepEd Rehiyon III sa pakikipagtulungan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Nueva Ecija ay magtataguyod ng Ikalawang Pambansang Tagisan ng Talino sa Maunawang Pagbasa, Malikhaing Pagsulat, at sa Wika at Panitikang Filipino sa Agosto 28-30, 2003 sa Talavera Central School, Talavera, Nueva Ecija.

2 Layunin ng gawaing ito ang mga sumusunod:

a. Masukat ang mga taglay na tanging kakayahan at kaalaman ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa pamamagitan ng isang makabuluhang kompetisyon sa mga larangan ng maunawang pagbasa, malikhaing pagsulat at sa wika at panitikang Filipino;

b. Mapahalagahan ang pag-aaral ng wika at panitikang Filipino; at

c. Makalinang ng mga mag-aaral na nagtataglay ng malalim na pagtitiwala sa sarili hinggil sa kanilang mga angking kakayahan at kaalaman.

3. Ang mga nararapat lumahok sa timpalak na ito ay yaong mga panrehiyong kampyon na nagsipagwagi sa kani-kanilang paaralan, divisyon at rehiyon. Sanhi nito, nararapat na makapagsagawa ng mga lokal na tagisan sa mga paaralan (Agosto 4-8, 2003), sa bawat divisyon (Agosto 11-15, 2003) at sa bawat rehiyon (Agosto 18-20, 2003).

4. Ang pambansang tagisan sampu ng mga lokal na tagisan ay nararapat na sumukat sa mga kasanayan at kaalaman tulad ng kakayahan sa maunawang pagbasa (25%), kakayahan sa malikhaing pagsulat (25%), at sa kaalaman sa wika at panitikan (50%).

5. Ang mga nararapat dumalo sa gawain ay ang mga sumusunod:

a. Mga panrehiyong kampyon;
b. Mga panrehiyong tagapagsanay (isa lamang);
c. Mga punungguro ng paaralang kinakatawan ng kampyon;
d. Mga pansangay na tagamasid sa Filipino na nakasasakop sa paaralan ng kampyon;

e. Mga panrehiyong tagamasid sa Filipino;
f. Mga kawani mula sa DepEd Rehiyon III na itatalaga ng kanilang Direktor IV; at
g. Mga piling kawani ng BSE na itatalaga ng Direktor III, OIC.

6. Sa pamamatnubay ng BSE, ang lahat ng mga gawaing may kaugnayan sa matagumpay na pagsasakatuparan ng tagisan ay pangangasiwaan ng Sangay ng Edukasyong Sekondari, DepEd Rehiyon III, maliban sa mga gawaing may hayagang kinalaman sa pagdaraos ng timpalak (pagbubuo ng mga pamantayan at pagsasakatuparan nito at ang pagbubuo ng mga tanong) na isasagawa naman ng mga piling kawani ng BSE.

7. Ang mga kalahok at mga kasapi ng panrehiyong delegasyon ay inaasahan sa lugar ng tagisan sa hapon ng Agosto 27, 2003, ganap na 3:00 ng hapon para sa pambungad na palatuntunan.

8 Sa kaugnay na gawain, ang mga panrehiyon at pansangay na tagamasid na dumalo sa tagisan ay magkakaroon ng kumperensya sa Agosto 28-30, 2003 na gaganapin sa Iba, Zambales na pangangasiwaan ng Sangay ng Zambales.

9. Bagamat ang lahat ng gugugulin na kakailanganin sa pagsasakatuparan ng timpalak at mga kaugnay na gawain nito ay ipagkakaloob ng DepEd Rehiyon III, (maliban sa kumperensya ng mga tagamasid na nasa katungkulan ng Sangay ng Iba, Zambales), ang gastusin sa pamasahe ng mga panrehiyong kinatawan mula sa lugar na kanilang pinanggalingan at pabalik dito ay dapat manggagaling sa kani-kanilang mga pondong lokal na dapat sumailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri. Samantala, ang gastusin naman ng mga kawani ng BSE na lalahok sa gawain ay manggagaling sa pondo nito.

10. Hinihiling ang madalian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

EDILBERTO C. DE JESUS
Kalihim

Sally, MPPD, DM Tagisan ng Talino
06-06-03

Sanggunian: Wala
Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONFERENCES
CONTESTS
Learning Area, FILIPINO
STUDENTS
SEMINARS

Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
3rd floor, Bonifacio Bldg.
U.L. Complex, Meralco Avenue
Pasig City

Abril 28, 2003

**DR. DINAH MINDO**
**Direktor IV, DepEd Rehyon III**
Lungsod ng San Fernando
Pampanga

Mahal na Dr. Mindo:

Kaugnay po sa nalalapit na pagdaraos ng Ikalawang Pambansang Tagisan ng Talino sa Maunawang Pagbasa, Malikhaing Pagsulat at sa Wika at Panitikang Filipino sa Agosto 28-30, 2003 na nasa pagtataguyod ng Sangay ng Edukasyong Sekondari sa rehyon, hinihiling po na makapagsagawa ng isang pagpupulong ng inyong mga kinatawan at ng mga kinatawan ng Kawanihan para sa preliminaryong pagpaplano. Inaasahan pong maisasagawa ang nasabing pulong sa darating na May 30, 2003. Dadalo po sa nabanggit na gawain ang aming kinatawan na sina G. Arturo S. Cabuhat at Gng. Evangeline Calinisan.

Nagpapasalamat po kami sa patuloy ninyong pagbibigay ng suporta sa mga gawain ng Kawanihan tungo sa ikagagaling ng pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Sumasainyo,

**LOLITA M. ANDRADA**
**Direktor III, OIC**